

**SUUNTO GUIDING STAR**

PAG-IINGAT AT WARRANTY

1 Tungkol sa Suunto Guiding Star .....	3
2 Pangangalaga at pag-iingat .....	4
3 Limitadong Lifetime Warranty .....	5

# 1 TUNGKOL SA SUUNTO GUIDING STAR

Sa isang maaliwalas na gabi ng taglamig na Nordic, kung saan malinaw na makikita ang Polaris sa hilaga, na nagsisilbing gabay sa mga manlalakbay mula pa noong mga sinaunang panahon, ang siyang inspirasyon para sa unang alahas na gawa ng Suunto. Ang Suunto Guiding Star ay alahas na maraming gamit at may malilinaw na linya at dalawang mukha: sa harap ay ang totoong compass kung saan nasa hilaga ang Polaris, at sa likod ay ang mga bituin ng kalangitang Nordic.

Ang limitadong edisyon ng alahas na ito na gawa sa sterling silver ay dinisenyo ng nagdidisenyo ng alahas na mula sa Finland na si Lina Simons at nilikha sa Finland sa pakikipagtulungan sa pagitan ng Suunto at Kalevala Jewelry, na parehong itinatag sa Finland noong dekada 1930.

Bilang isa sa mga nauna sa paggawa ng compass, ang Suunto ay nakatuon na sa mga panlabas na aktibidad mula pa noong 1936. Maliban sa pagkatumpak at pagkamaaasahan, ang mga produkto ng Suunto ay kilala rin dahil sa kagandahan ng anyo ng mga ito. Binubuo ang compass pendant na Suunto Guiding Star batay sa tradisyong ito.

## 2 PANGANGALAGA AT PAG-IINGAT

Natural na nawawalan ng kinang ang pilak sa pagdaan ng panahon. Ibalik ang kinang gamit ang isang telang pampakintab ng alahas, at pagkatapos ay banlawan nang mabuti upang maprotektahan ang kasuotan laban sa mga mantsa.

Ang mga pampahid sa balat, pabango, repellent ng insekto at iba pang mga kemikal ay nakakadagdag sa pagkawala ng kinang at pagkasira ng compass. Huwag maglagay ng mga nabanggit na produkto habang suot ang alahas.

Huwag gumamit ng mga likidong pampakinang ng pilak. Protektahan ang alahas upang hindi ito mabasa ng mga likidong may alkohol. Ingatan nang mabuti. Maaaring masira ang compass o mayupi ang pilak kapag ito ay nabangga o nabagsak.

Maaaring may lumitaw na bula sa likido ng compass kapag mababa ang temperatura at mataas ang altitude. Nawawala ang bula kapag bumalik ka sa normal na mga kondisyon.

### **3 LIMITADONG LIFETIME WARRANTY**

Ginagarantiyahan ng Suunto na habang nasa panahon ng warranty, aayusin ng Suunto, tangi lang sa pagpapasya nito, ang mga depekto sa mga materyal o pagkakagawa nang walang bayad alinman sa pamamagitan ng a) pagkukumpuni, o b) pagpapalit ng parehong produkto, o c) pagre-refund, na sumasailalim sa mga tuntunin at kondisyon ng Limitadong Warranty na ito. Hindi sinasaklaw ng Limitadong Warranty ang a) pagkaluma, b) di-maingat na paggamit, c) mga pagbabago sa kayarian (modification), d) pagkakalantad sa mga kemikal, o e) maling paggamit. Maliban kung iba ang isinasaad ng lokal na ipinapatupad na batas, a) ang limitadong warranty na ito ay may bisa lang sa bansang pinagbilhan at b) dapat na ipakita ang katunayan ng pagbili kapag gagamit ng mga serbisyo ng warranty.

#### **Panahong Saklaw ng Warranty**

Ang panahong saklaw ng warranty ay limitado hanggang sa makatwirang panahon na hindi na makatuwirang magagamit ang produkto dahil sa pagkaluma.

#### **Limitasyon ng Pananagutan**

Hanggang sa sukdulang pinahihintulutan ng naaangkop na ipinapatupad na batas, ang Limitadong Warranty na ito ay ang natatangi at eksklusibong remedyo at na pumapalit sa lahat ng iba pang mga warranty, ipinabatid man o ipinahiwatig. Hindi mananagot ang Suunto para sa mga espesyal, incidental, pinaparusahan o kanahihinatnang sira, kabilang ngunit hindi

limitado sa pagkawala ng mga inaasahang benepisyo, pagkawala ng mga data, hindi na magagamit, halaga ng kapital, halaga ng anumang pamalit na kagamitan o mga pasilidad, mga paghahabol ng ikatlong partido, pinsala sa ari-arian na resulta ng pagbili o paggamit sa device o nagmumula sa paglabag sa warranty, paglabag sa kontrata, pagpapabaya, mahigpit na batas sa kapabayaang, o anumang legal o nagagamit na teorya, kahit pa alam ng Suunto ang posibilidad ng mga nabanggit na sira. Ang Suunto ay hindi mananagot sa pagkaantala sa pagbibigay ng serbisyo ng warranty.



## SUUNTO CUSTOMER SUPPORT

1. [www.suunto.com/support](http://www.suunto.com/support)  
[www.suunto.com/mysuunto](http://www.suunto.com/mysuunto)
2. AUSTRALIA +61 1800 240 498  
AUSTRIA +43 720 883 104  
CANADA +1 800 267 7506  
CHINA +86 010 84054725  
FINLAND +358 9 4245 0127  
FRANCE +33 4 81 68 09 26  
GERMANY +49 89 3803 8778  
ITALY +39 02 9475 1965  
JAPAN +81 3 4520 9417  
NETHERLANDS +31 1 0713 7269  
NEW ZEALAND +64 9887 5223  
RUSSIA +7 499 918 7148  
SPAIN +34 91 11 43 175  
SWEDEN +46 8 5250 0730  
SWITZERLAND +41 44 580 9988  
UK +44 20 3608 0534  
USA +1 855 258 0900

  
**SUUNTO**

© Suunto Oy 2/2015

Suunto is a registered trademark of Suunto Oy. All Rights reserved.